4

# Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 1

Aralin

6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan Baitang 4**
**Kuwarter 1: Aralin 6 (Linggo 6)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Melvin C. Ubaldo (Pedro Guevara Memorial National High School)

**Tagasuri:**

- Florisa B. Simeon, Ph.D. (Philippine Normal University – Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Center for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**ARALING PANLIPUNAN /KUWARTER 1 /BAITANG 5**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | 1. Nailalarawan ang populasyon ng Pilipinas.<br>2. Natutukoy ang mga Indigenous People/Etnolinggwistikong Pangkat sa Pilipinas. |
| **D. Nilalaman** | Paksa: Pagkakakilanlang Heograpikal<br>Aralin: Heograpiyang Pantao (Populasyon, Indigenous Peoples/Etnolinggwistikong Pangkat) |
| **E. Integrasyon** | Sustainable Development Goals 4 (SDGs) Quality Education<br>Lokalisasyon at Kontekstuwalisasyon |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2016). Department of Education, DepEd Complex, Pasig City.

Matatag K to 10 Curriculum of the K to 12 Program: Araling Panlipunan Grades 4 and 7. (2023) Department of Education, DepEd Complex, Pasig City.

Adriano et al., (2015). Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral. Department of Education-Intructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS).


Belarde et al., (2019). Lahing Pilipino Kaagapay sa Ika-21 Siglo. Ikaapat na Baitang. Batallan at Sanayang Aklat sa Araling Panlipunan. Rex Book Store.
https://psa.gov.ph/content/2020-census-population-and-housing-2020-cph-population-counts-declared-official-president

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>***Picture! Picture!***<br>**Panuto:** Suriin ang mga larawan at sabihin kung anong anyong lupa o tubig ang mga ito.<br><br>Mula sa: https://canva.com/design<br>**Mga Gabay na Tanong:**<br>1. Ano-ano mga anyong lupa at tubig ang ipinakita sa larawan?<br>2. May bulkan ba sa mga larawan? Kung oo, ano-ano ang mga hakbang na dapat gawin kung ikaw ay nakatira malapit sa paanan ng isang aktibong bulkan?<br>3. May talon o dagat ba sa mga larawan? Ano-no ang mga pamamaraan upang mapangalagaan natin ang mga anyong tubig? | Maaaring dagdagan pa ng guro ang mga larawan upang mas mapalalim ang pagbabalik-aral.<br><br>Mga Pangangailangan:<br>• Printed Materials<br>• Kartolina<br>• Manila Paper<br>• Marker<br>• Colored Paper |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**2. Pidbak (Opsiyonal)**

Lagyan ng marka ang kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:



Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.



Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.

<table><tr><td>Heograpiyang Pisikal</td></tr></table>

</td>
<td>Maaaring mag-print ang guro ng dalawang emoji na nakadikit sa isang bamboo stick at ipamamahagi nya ito sa mga bata. Tanungin ng guro kung ano ang kanilang marka sa kanilang natutuhan sa nakalipas na aralin.</td>
</tr>
<tr>
<td>

**B. Paglalahad ng Layunin**

</td>
<td>

**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

***P-Pop Invasion***

**Panuto:** Suriin ang larawan. Punan ng tamang titik ang bawat patlang upang mabuo ang konsepto. Sagutan ang mga pamprosesong tanong.

<table><tr><td>P</td><td></td><td>P</td><td>U</td><td></td><td>A</td><td></td><td>Y</td><td></td><td>N</td></tr></table>



Mula sa: https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2020/12/31/2067229/populasyon-ng-pinas-aabot-sa-1108-milyon-sa-2021

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Ano ang mahihinuha mo sa larawan?
2. Ano ang nabuong salita?

</td>
<td>

Maaaring bigyan ng 3-5 minuto ng guro ang gawain.


Mga Pangangailangan:

- Larawan na nagpapakita na maraming tao (malaking populasyon)
- Colored papers
- Marker
- Scotch tape

</td>
</tr>
</table>

3. Bakit mahalaga ang nabuong salita sa pag-unlad ng bansa?
4. Sino ang bumubuo sa populasyon ng isang bansa?

***Concept Cluster***
**Panuto:** Punan ang *concept cluster* ng mga salita na may kaugnayan sa populasyon.





Tapusin ang pangungusap:

Ang populasyon ay tumutukoy sa ____________________________________________
______________________________________________________________________

Mga Gabay na Tanong:
A. Sino ang bumubuo sa populasyon ng isang bansa?
B. Alam nyo ba kung ilan ang populasyon ng Pilipinas noong 2023?

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

***Flow Chart Analysis***
**Panuto:** Suriin ang flow chart at sagutin ang pamprosesong tanong.




Maaring gawing board work ang gawain na ito. Ipaskil ang salitang “Populasyon” sa pisara at hayaan ang mga mag-aaral na magsulat sa pisara ng mga salitang may kaugnayan sa populasyon. Kailangan maiproseso nang mabuti ng guro ang mga naging sagot ng mga mag-aaral.

| | | |
|---|---|---|
| | Tawag sa bilang ng mga tao na naninirahan sa isang tiyak na lugar o pook.<br><br>Ayon sa CPH (Census of Housing and Population) na isinagawa ng PSA (Philippine Statistics Authority) ang populasyon ng Pilipinas ay 109,035,343 (May 1, 2020).<br><br>Ang populasyon ng Pilipinas ay nadagdagan ng 8,053,906 mula 100,981,437 noong 2015. Nagtala ito ng 1.63% na population growth rate (PGR).<br><br>Sa 17 rehiyon ng Pilipinas, ang CALABARZON ang may pinakamalaking populasyon na 16,195,042, sinundan ng NCR na may 13,484,462 at ng Gitnang Luzon na may populasyon na 12,422,172 (CPH, 2020).<br><br>Mga Gabay na Tanong:<br>A. Kasama ka ba sa bilang na inilahad tungkol sa populasyon ng Pilipinas?<br>B. Sa iyong palagay, bakit patuloy na lumalaki ang populasyon ng ating bansa? | Kuhanin ng guro ang opisyal na datos ng populasyon ng Pilipinas noong 2023 mula sa Commission on Population and Development, o kaya ay ang huling Census of Housing and Population noong 2020 mula sa Philippine Statistics Authority. |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: Heograpiyang Pantao (Populasyon, Indigenous People/Etnoliggwistikong Pangkat)**<br><br>**Gawain: *Wordle***<br>**Panuto:** Magbibigay ang guro ng salita na nakalagay sa mga kahon na may iba't ibang kulay.<br>*Green* – pag nakalagay sa *green* na kahon, ibig sabihin tama ang ayos ng titik | |

*Orange* – pag nakalagay sa *orange* na kahon, ibig sabihin ay kasama ang titik sa salitang hinahanap ngunit hindi tama ang posisyon nito.
*Gray* – pag nakalagay sa *gray* na kahon ay hindi kasama ang titik sa salitang hinahanap.




1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

***Word Webbing***
**Panuto:** Ibigay ang mga salik ng populasyon gamit ang dayagram sa ibaba.




***Word Puzzle***
**Panuto:** Ayusin ng mga mag-aaral ang ginulong salita upang mabuo ang kaisipan. Gamiting gabay ang deskripsyon sa bawat salita.

| | | |
|---|---|---|
| O | T | A |

Sila ang bumubuo sa populasyon; ang pinakamahalagang elemento ng estado.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| I | S | N | I | N | E | G | O | U | D |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| O | E | L | P | P | E |

Katutubong mamamayan ng Pilipinas; mga pangkat etniko.

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| O | N | T | O | I | L | N | G | G | W | S | I | K | I | T | E |

Pangkat ng mga tao sa isang bansa na may magkakaparehong kultura at paniniwala.


Mga Pangangailangan:
1. Construction paper
2. Gunting
3. Scotch tape

**Tamang Sagot:**
Salik ng Populasyon

Mahalaga na gabayan at maipaliwanag mabuti ng guro ang mga katangian ng bawat salik ng populasyon. Maaari ito gawing *board work* o kaya naman ay sa sagutang papel.

Mga pangangailangan:
1. Colored paper
2. Gunting
3. Scoth tape
4. Marker


**Mga Tamang Sagot:**
1. Tao
2. Indigenous People

| | | |
|---|---|---|
| | 2. **Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>***Photo Gallery***<br>**Panuto:** Tukuyin ang mga nasa larawan at isulat ang sagot sa iyong Aral Pan notebook. Pagkatapos, kompletuhin ang tsart sa pamamagitan ng pagtukoy kung anong pangkat etnolinggwistiko ang nasa larawan. Gamiting gabay ang simul a na titik sa kahon upang matukoy ang sagot.<br><br>Mula sa: https://www.yodi sphere.com/ | 3. Etnolinggwistiko<br><br>Maaaring humanap pa ang guro ng ibang larawan o kaya naman ay mga etnolinggwistikong pangkat na meron sa lugar nila.<br><br>Mga pangangailangan:<br>1. Mga larawan ng mga pangkat etnolinggwistiko<br>2. Colored paper<br>3. Scotch tape |
| | **Mga Gabay na Tanong:**<br>1. Batay sa mga larawan, sino-sino ang mga etnolinggwistikong pangkat sa Pilipinas?<br>2. Matutukoy mo ba sa mapa ng Pilipinas kung saan sila matatagpuan?<br><br>3. **Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Snap, Clap, Boom!**<br>**Panuto:** Kailangan humanap ng partner ang bawat mag-aaral. Sa hudyat ng guro ay kanilang gagawin ang "Snap", "Clap", at kung "Boom" ay mag-uunahan silang kuhanin ang *task card* na nasa kanilang harapan. Kung sino ang makakuha ng *task card* ang may pagkakataon na sagutin ang tanong at magkaroon ng karagdagang puntos para sa *quiz* sa katapusan ng talakayan.<br> Snap  Clap  Boom | Maaaring ulitin o ilang beses sabihin ng guro ang *snap* at *clap* bago tuluyang sabihin ang boom. Maging *creative* ang guro sa pamamagitan ng pagbibigay ng *sticker* o kaya ay *emojis* sa mga mag-aaral na makakasagot ng tanong.<br><br>Mga Pangangailangan:<br>1. Task Card<br>2. Mga Tanong tungkol sa paksa<br>3. Speaker<br>4. MP3 music |

**D. Paglalahat**

**1. Pabaong Pagkatuto**

***It's Your Tsart To Shine***
**Panuto:** Pag-aralan ang grap ukol sa paglaki ng populasyon at sagutin ang tanong.




Mula sa: https://www.psa.gov.ph/content/philippine-population-surpassed-100-million-mark-results-2015-census-population

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Ano ang populasyon ng ating bansa noong taong 2015?
2. Ano ang populasyon ng ating bansa noong taong 2010?
3. May pagkakataon ba na hindi nagbago ang bilang ng mga tao sa ating bansa?
4. Kailan naging pinakamalaki ang populasyon ng ating bansa?
5. Kung ihahambing ang ating populasyon noong 2000 sa populasyon noong 2015, gaano ito lumaki?

***Match* Tayo**
**Panuto:** Suriin ang tsart sa ibaba. Itapat ang Hanay A na tinutukoy sa Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong Aral Pan notebook.

| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| 1. Kilala rin sa pangalang Tagabili na naninirahan sa baybayin ng Cotabato. Pagsasaka sakagubatan ang kanilang ikinabubuhay. | **A. Tagbanua** |

2. Makikita sa liblib na bahagi ng Palawan. Nagsasaka sila ng palay, mais, gulay at mga halamang ugat.
3. Kabilang sa pangkat Muslim na nabubuhay sa pamamagitan ng pagsasaka, pangingisda, at paggawa ng mga kagamitang yari sa tanso o pilak at paghahabi.
4. Naninirahan sa tabi ng Ilog ng Agusan. Mahilig silang magsuot ng mga damit na matitingkad ang kulay at paglalagay ng tattoo sa katawan.
5. Naninirahan sa mga bangkang naglalayag sa dagat ng Sulu. Sila ay nabubuhay sa pamamagitan ng pangingisda.

**B. T'boli**


**C. Manobo**

**D. Badjao**

**E. Ilocano**

**F. Maranao**

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**
**Mag-aral is fun sa Aral Pan!**
Lagyan ng marka ang kasanayang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin:



Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.



Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.

Heograpiyang Pantao (Populasyon, Indigenous People/Etnolinggwistikong Pangkat)

<table>
<tr><th colspan="4">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td colspan="3">

1. Pagsusulit<br>
Panuto: Ilarawan ang heograpiyang pantao ng Pilipinas batay sa populasyon at Indigenous People at Etnolinggwistikong Pangkat. Gumawa ng sanaysay ukol sa tema sa ibaba (20pts).<br>
• Populasyon ng Pilipinas: Matatag , Matalino, at Malusog para sa Bagong Pilipinas<br>
• Indigenous People at Etnolinggwistikong Pangkat ng Pilipinas: Kayamanan ng Bansa sa Pagtatatag ng Bagong Pilipinas<br>
2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>
Isulat ang sagot sa inyong notebook sa Araling Panlipunan.<br>
1. Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod:<br>
a. Populasyon<br>
b. Indigenous Peoples<br>
2. Magbigay ng 10 halimbawa ng mga Etnolinggwistikong Pangkat sa Pilipinas, at tukuyin kung saan sila matatagpuan.

</td><td>Gumamit ng rubik bilang pamantayan sa pagpupuntos.</td></tr>
<tr><td rowspan="3">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="3">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td rowspan="2"></td>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
<td rowspan="2">Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td>
</tr>
</table>